## Abstract

Ang kapangyarihang manggamot ng mga Albularyo ay isang uri ng kakayahan kung saan ang mga pambihirang karamdaman ay nagagamot at napapagaling ng mga ito. Ang mga taong ito ay bihasa sa pagpapagaling ng mga taong may sakit gamit ang isang kahima-himalang pamamaraan. Ito ay naka-angkla sa Sikolohiya ng Pilipino sapagkat ito ay bago pa man dumating ang mga espanyol ay may tinatawag ng babaylan kung saan sila ang nagsisilbing manggagamot noon. Ang pag-aaral na ito ay gustong alamin ang pinagdaanan ng isang albularyo sa pagkakaroon nila ng healing power. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong: (1) Tutukuyin ang demograpikong propayl ng kalahok kung saan aalamin ang mga sumusunod (edad, kasarian, tagal ng taon ng pagiging albularyo at espesyalidad). (2) Masukat ang healing power ng mga napiling albularyo sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa mga napagaling nito. (3) Mailarawan ang mga proseso sa pagkakaroon ng healing power. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng makapilipinong disenyo ng pananaliksik. Sa paghahanap ng kalahok, gumamit ng purposive sampling ang mga mananaliksik at ang mga nakuhang datos ay ginamitan ng thematic analysis. Ang naging resulta ng pag-aaral na ito ay nakapokus sa ikatlong layunin kung saan makikita ang proseso sa pagkakaroon ng healing power. Ito ay naglalaman ng paunang tema at sangay ng paunang tema: (1) Kamalayan sa pagganap

(2) Pagtanggi sa pagganap (3) Epekto ng pagtanggi sa pagganap (4) Pagtanggap sa pagganap (5) Hindi pagkasigurado sa panggagamot (6) Prinsipyo sa panggagamot (7) Pisikal na manipestasyon sa pagtanggap ng kapangyarihan (8) Proseso kapag napagaling ang pasyente (9) Proseso kapag hindi napagaling ang pasyente.

Keywords: Albularyo, Sikolohiya ng kapangyarihan, Makapilipinong pananaliksik

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines